

1

Araw ng Linggo. Kauwi lamang ni Kirstin galing sa buong araw na pagtitinda ng isda sa palengke sa Mandaluyong. Ang best friend at kapitbahay niya ang kasamang nagtitinda. Nagtatrabaho siya roon kapag weekends.

“Nay, nandito na ako!” sigaw niya nang makapasok sa maliit nilang tahanan, ngunit wala siyang narinig na sagot ng ina, si Aling Magda.

Wala ito roon. Nang umagang iyon ay sinabihan niya ang matandang babae na huwag na munang pumasok sa trabaho dahil hindi maganda ang pakiramdam nito, ngunit hindi ito nakinig sa kanya. Batid niyang pumasok pa rin ito sa trabaho. Idinadalangin niya sa Diyos na sana ay makapaghanap na siya ng stable job para hindi na niya pagpasukin pa sa paninilbihan ang may-edad na nanay.

Mahirap lamang sila ngunit dahil sa pagsisikap ay nagawa niyang makapagtapos ng pag-aaral kahit na paputol-putol sapagkat kailangan niyang magtrabaho at mag-ipon bago niya magawang mag-enroll for another semester. Ngayong taon lang nakatapos ng kolehiyo si Kirstin sa edad na twenty-four. Tapos siya sa kursong Accountancy. Last week, natanggap na niya ang resulta ng kanyang professional exam, at nagtatalon sa tuwa nang makitang pumasa siya. At bukas na bukas ay magsisimula

na siyang mag-job hunting.

Pagkatapos maligo at magpalit ng damit ay gumaan ang pakiramdam ni Kirstin. Hindi na siya nangangamoy isda. Dahil maganda ang kita niya ngayong araw, bumili siya ng karne para sa kanilang hapunan.

Inatupag niya ang pagluluto habang hinihintay ang pag-uwi ng kanyang ina.

Alas seis na nang gabi ngunit hindi pa rin nakauwi ang magulang. Nag-aalala na siya. Hanggang five in the afternoon lang ang trabaho nito. Matagal na rin itong naninilbihan sa pamilya Montefalcon. Mula nang mamatay ang kanyang lola, hindi na nag-stay-in pa sa work ang kanyang ina. Fortunately, pumayag ang amo nito.

Pagkatapos niyang magluto ay palakas nang palakas ang kabog ng kanyang dibdib dahil hindi pa rin nakauwi ang nanay niya.

Pumunta si Kirstin sa katabing tindahan at nagpa-load ng kanyang phone. Pinadalhan niya ng mensahe ang kaibigan ng ina na kasama nitong naninilbihan.

Kaagad naman itong nag-reply. *Pasensya na, Tin, nakalimutan kong ipaalam sa 'yo na nandito pa ang nanay mo at nagpapahinga dahil mataas ang lagnat niya kanina at nag-collapse. Pinagpapahinga muna siya ng amo namin bago payagang umuwi. Huwag kang mag-alala, nasuri na siya ng doktor at napainom na ng gamot. Ihahatid*

ko siya kapag nagising na.

Nakahinga siya nang maluwag sa balita. Matigas kasi ang ulo ng nanay niya. Napabuga siya ng hangin. Sinagot niya si Aling Nora na susunduin niya ang ina upang makauwi na at sa bahay na magpapahinga.

Alam niya ang address ng bahay ng mga Montefalcon. Hindi niya alam kung bakit siya pinagbabawalan ni Aling Magda na puntahan ito roon, pero hindi siya nagtanong kung bakit, malamang ipinagbabawal. But this time would be an exception. Gusto niyang makita ang ina at maalagaan.

Hanggang sa labas ng malaking iron gate lamang si Kirstin. Kinausap niya ang security man at sinabi ang kanyang sadya. Tumango-tango ito dahil kilala nito ang kanyang nanay.

Isang mansion ang bahay ng mga Montefalcon. Mayamang pamilya. Nakakalula ang property nito. Napahanga siya sa nakita, ngunit ni minsan hindi niya pinangarap na yumaman sila nang ganoon. Sapat na sa kanilang mag-ina ang may makain at masaya.

Tatawag na sana ang security man sa loob ng bahay tungkol sa kanyang sadya nang biglang may dumating na sasakyan at bumusina sa gate. Napaatras si Kirstin at napatabi habang automatic na binuksan ng bantay ang gate. Napatingin siya sa magarang kotse. Tinted ang bintana kaya wala siyang maaninag.

Bumukas ang gate pero hindi nagpatuloy ang kotse. Bumukas ang bintana ng driver, tinawag nito ang security at kinausap. At

napatingin ang dalawa sa kanyang kinatatayuan. Bigla siyang kinabahan. Bawal nga sigurong bumisita ang sinumang kapamilya ng mga employees.

Matapang na nakatingin siya sa kanila. Napansin niya ang pagtango ng guard. Bawal man o hindi, kailangan niyang makuha ang ina. May sakit ito at wala siyang pakialam kung matanggal pa sa trabaho si Aling Magda. In the first place, ayaw na niyang magtrabaho pa ito.

Bumakas ang passenger door at lumabas ang isang may-edad na lalaki. Hula ng dalaga ay lagpas fifty years old na ito. He bore that confident and arrogant look. Hula niya, ito ang amo ng kanyang nanay.

Napasinghap si Kirstin nang makitang patungo sa kanya ang direksyon nito. Pinilit niyang pakalmahin ang sarili. Napatindig siya nang tuwid at naghintay.

Huminto ito sa kanyang harapan. Nagkatitigan sila. Sinuyod siya nito ng tingin, pero wala siyang makitang malisya sa mga mata nito. Na-conscious lamang siya. Nang hindi ito magsalita ay napalunok siya.

“Sir, I’m sorry at nagpunta ako rito. Gusto ko lang maiuwi ang nanay ko. Nalaman ko kasing may sakit siya, gusto ko lang maiuwi siya para sa bahay na magpahinga.”

“Anak ka ni Magda?” Tila hindi ito makapaniwala sa tono nito. “Hindi ko alam na nag-asawa pala siya. Sa tagal na niyang

naninilbihan sa amin, hindi ko narinig na may anak siya.” Matiim itong nakatingin sa kanyang mukha at napakurap-kurap ito na para bang hindi makapaniwala.

Tila mukhang naguguluhan ang ginoo. And then, bigla itong namutla at napahawak ito sa dibdib.

“Sir, okay lang po kayo?” tanong niya nang may pag-aalala.

Huminga ito nang malalim habang nakatitig sa kanya. Lumambot ang mukha nito.

“Sir?”

“I... I am fine. Ang ama mo?” Tila sasabak pa yata si Kirstin sa interview bago niya makuha ang ina. Well, wala naman siyang dapat itago o ikahiya.

“Wala po akong nagisnang ama. Hindi rin binanggit ni Nanay ang tungkol sa aking ama. Malamang patay na siya o may ibang pamilya.”

Nanlaki ang mga mata ng matandang lalaki. “Oh... h-how old are you?”

“Twenty-four na po. Kailangan n’yo po bang magtanong pa tungkol sa akin? I’m sorry pero kailangan ko pong makita si Nanay at iuwi. Kapag nakahanap na po ako ng trabaho, ayoko na po siyang pagtrabahuhin pa. Madalas na po kasi siyang inuubo.” Hindi niya maunawaan kung bakit kampante siyang nakikipag-usap sa ginoo. Hindi pa nga niya alam ang pangalan nito.

“Naghahanap ka ng trabaho?”

Tumango si Kirstin. “Opo, pero hindi po domestic job. Nagawa ko pong makapagtapos ng Accountancy.”

Ngumiti ang ginoo. “Masuwerte si Magda na nagkaroon ng anak na katulad mo.”

“Salamat po.”

“Pumasok ka na lang. Hintayin mo na sa loob ang nanay mo.” Tinalikdan siya nito at bumalik sa naghihintay na sasakyan.

Hindi nakahuma kaagad si Kirstin. Sinundan na lamang niya ng tingin ang sasakyang pumasok sa loob. “Sino iyon?” tanong niya sa lalaking nagbabantay sa gate.

“Big boss, Mr. Nick Montefalcon. Pumasok ka na.”

Atubili siyang pumasok sa bakuran. Napatingala siya sa malaking bahay.

Isang kasambahay ang naghintay sa entrance door at nginitian siya. “S’abi ni Sir Nick, sa loob mo na raw hintayin ang nanay mo. Halika, ikaw pala ang anak ni Magda.”

Halos umuurong ang mga paa niya na makapasok sa mansion. Napahanga pa siya lalo sa loob niyon. It was luxuriously furnished and with style.

Iginiya si Kirstin ng mayordoma sa malaking sala. Nagitla siya na naroon si Nick Montefalcon, naupo sa sofa at tila naghihintay

sa kanya. Napatitig ito sa kanya nang may... pananabik?

Inimbita siya nitong maupo. Nakaka-awkward na makipag-usap sa employer ng kanyang nanay. Ngunit magaan naman gkausap ang ginoo.

Ngumiti ito. “Gusto mo ba ng maiinom, Hija?”

“Hindi na po. Salamat.” Matipid siyang ngumiti. “Ang ganda nitong bahay n’yo, sa movies ko lang po nakikita ang ganito,” dagdag niya.

“Pangarap mo rin bang magkaroon ng ganitong bahay?”

Umiling siya. “Hindi po. Sapat na sa akin ang makapagtrabaho ako at may makain kami ni Nanay bawat araw. Hindi naman po sukatan ng isang tao ang kayamanan,” sagot niya.

“Very wise answer. Obvious na matalino ka. Kung alam ko lang na may anak palang nag-aaral si Magda, di sana nakatulong ako. Ang nanay mo ay isa sa mga pinagkakatiwalaan ko rito sa bahay. Nakatulong sana ako sa iyong pag-aaral kung alam ko lang,” seryoso nitong pahayag.

“Nadadaan naman po sa tiyaga.”

May sasambitin pa sana si Mr. Montefalcon nang may sumingit na boses galing sa kanilang likuran. “Dad, who is this woman? Don’t tell me na dinadala mo na rito ang mga babae mo?”

Isang matangkad, sexy, maganda, maputi at fashionable na

babae ang nasa sa kanilang harapan. Sinuyod siya nito ng tingin at ngumiwi.

“Hindi ko akalaing bumaba na ang panlasa mo sa mga babae,” dagdag pa nito.

Biglang napatayo si Kirstin. Ngunit bago pa niya magawang depensahan ang sarili, inunahan na siya ng ginoo.

“You, young lady, has no right to insult my guest. Si Kirstin ay anak ni Magda, sinusundo ang nanay niyang may sakit. Cordelia, mabuti pang iwan mo na kami,” matigas na pahayag ng ginoo.

Inirapan siya ng babae bago ito tumalikod.

“Pasensya ka na. She’s spoiled. I failed to raise her well.”

“Okay lang po. Sa labas na lang po ako maghihintay.” Aalis na sana ang dalaga nang may marinig siyang mga yabag na papalapit. Napalingon siya at nakita niya ang kanyang nanay na tila gitlang-gitla na nakatingin sa kanya at kay Mr. Montefalcon.

Kaagad niya itong nilapitan. “Nay, okay lang po ba kayo? Ang putla-putla po ninyo.” At ginagap niya ang kamay nito.

Hindi nakapagsalita ang matandang babae.

“Sa gate kita hinintay pero pinapasok po ako ni Mr. Montefalcon. Nag-aalala po kasi ako sa inyo. Sinabi ko namang huwag po kayong magtrabaho kapag masama ang inyong pakiramdam.”

Lumapit sa kanila ang ginoo. Nakipagtitigan ito kay Aling Magda, ngunit ang nanay niya ay hindi makatingin dito nang derecho. Wala ring salitang lumabas sa bibig nito.

“Sir, maraming salamat po. Iuuwi ko na po si Nanay. She’s still not feeling well,” baling niya sa employer ng ina.

Napabuntong-hinga ang matandang babae ngunit nanatiling tikom-bibig.

“Kapag may problema, tawagan mo ako,” sabi ng ginoo at ibinigay ang calling card sa kanya. Nag-aalangang tinanggap iyon ng dalaga.

Iginiya ni Kirstin palabas ang kanyang ina. Nakailang hakbang lamang sila nang bigla silang mapatigil. Napaangat siya ng tingin upang tingnan sa mata ang taong humarang sa kanila.

Napasinghap siya nang makita ang guwapo at matangkad na lalaki. Oh, my goodness! Nakita na niya ito sa isang magazine. Napatitig siya rito. Nakakunot ang noo nitong nakatingin sa kanya.

“Who are you?” direktang tanong nito. “We don’t allow strangers here.”

Napakurap si Kirstin at para siyang binuhusan ng yelo. The good looks did not match the attitude. Napataas ang kanyang baba at nakipagtitigan sa lalaki. Porque’t mahirap sila ay ganoon na lang silang ituring?

“For your information, pinapasok ako rito na may permiso. Sinundo ko lang ang nanay ko dahil may sakit siya. I assure you, Sir, wala akong ninakaw. Search me if you want,” hamon niya.

Napatiim-bagang ang lalaki.

“Gilmore, my son, this is Kirstin. Anak ni Magda,” pakilala ni Mr. Montefalcon.

Tuwid itong tumindig at tinitigan siya. Anak pala ito ng ginoo. She would have never guessed dahil walang pagkakahawig ang dalawa.

Sa kabila ng pagpapakilala, hindi siya naglahad ng kamay. Naiirita kasi siya sa paraan ng pagtingin ni Gilmore sa kanya. “Sir, if you want to check me, gawin mo na para makaalis na kami rito.”

“Hindi na kailangan.” Binalingan nito ang kanyang ina. “Magpagaling po kayo, Aling Magda. Excuse me.” Saka sila tinalikuran.